☞ **IUD**

– Gawa sa plastic at copper, sinusuot sa matris para maiwasan ang pagbubuntis
– Pinipigilan ang punlay upang di nito makatagpo ang hinog na itlog
– Lubhang epektibo
– Pangmatagalan ang proteksyon, pwedeng gamitin ng mga babaing nagpapasuso o kapapanganak

1. Ipaalam o ipaalala ang paggamit ng Paraan Dos bilang isang ligtas at epektibong paran sa pag-iwas ng pagbubuntis sa loob ng 72 oras o 3 araw pagkatapos ng di protektadong pakikipag-sex. Ipaalala na di dapat gamitin ito bilang isang regular na pamamarang kontraseptibo. Gumagamit ito ng pills na nakukuha sa RHU at mga CBD sa komunidad.

2. Hikayatin ang kliyente na magtanong at magbigay ng kaukulang paliwanag.

3. Tapusin ang pakikipag-usap sa pamamagitan ng:
   - Pag-refer ng kliyente sa CHOW at pagbibigay ng referral slip.
   - Pagbibigay ng IEC materials.
   - Pagpaplano kung kailan ang kanyang balik para sa follow-up
   - Pagpapasalamat sa kliyente sa kanyang oras at atensyon.


Culion Foundation, Inc.

5/F Builders Center, 170 Salcedo St., Legaspi Village, Makati City

PATH Foundation Philippines, Inc.
ALLEVIATING POVERTY * IMPROVING HEALTH * PROMOTING ENVIRONMENTALLY SUSTAINABLE DEVELOPMENT

5/F Unit 506, Tower II Cityland Condominium 10
154 H.V. dela Costa Street, Salcedo Village, Makati City 1227
Tel: 632 817-5049 | Fax: 632 893-5360
Email: info@pfpi.org | Website: www.pfpi.org


i-popcorm

# Pakikipag-usap Ukol sa Reproductive Health/Pagpaplano sa Pamilya sa Iyong Komunidad

Kodigo para sa mga Peer Educators




Suportado ng:

David and Lucile Packard Foundation

4. Dalhin ang mga sumusunod kapag makikipag-usap sa mga kliyente:
   - ❑ ID Card o Gumamit ng PE T-shirt
   - ❑ Ball pen o Lapis
   - ❑ Diary
   - ❑ Work plan
   - ❑ Referral forms
   - ❑ IEC materials/FAQ Booklet
   - ❑ Pills, condom, at Paraan Dos
   - ❑ Penis model

5. Simulan ang pakikipag-usap:
   - Batiin ang kliyente.
   - Ipakilala ang sarili.
   - Banggitin ang pangalan ng iyong NGO at ang Community-Based Reproductive Health (CBRH)Project.
   - Ipaliwanag ang iyong tungkulin at layunin.
   - Sabihin na ang CBRH Project ay tumutulong sa komunidad na magkaroon ng mabuting reproductive health at tamang dami sa pamilya.

6. Kumustahin ang pamumuhay. Tanungin ang ukol sa mga sumusunod:
   - Ang presyo ng mga bilihin ngayon kumpara sa dati
   - Kung natutugunan ang mga pangangailangan sa pamilya

7. Mag-usap ukol sa pagpaplano ng pamilya.
   - Ipaliwanag kung paano nabubuntis ang isang babae Ipakita ang FAQ/IEC material.
   - Sabihin na ang di protektadong pakikipag-sex ay maaaring mauwi sa di inaasahang pagbubuntis.

8. Pag-usapan ang mga benepisyo ng pagpaplano sa pamlya:
   - ❑ Tinitiyak nito ba bawat pagbubuntis ay planado at gusto.
   - ❑ Pinapangalagaan nito ang buhay ng kababaihan laban sa kumplikayon ng pagkaagas ("abortion") at delikadong pagbubuntis.
   - ❑ Tinitiyak nito ang pagkakaroon ng sapat na pagkain, damit, edukasyon, atbp. para sa mga anak.
   - ❑ Nagbibigay ito ng pagkakataon sa mga kababaihan na magkaroon ng mas maraming oportunidad sa edukasyon, trabaho, at pangkaunlarang sosyal.

9. Tulungan ang kliyente na makapili ng makabagong pamamaraan sa pagpaplano ng pamilya. Pag-usapan ang mga kontraseptibong mayroon sa komunidad. Ipakita ang mga IEC materials.

☞ **Pills**
- Lubhang epektibo kapag ginamit sa tamang paraan
- Di permanente, temporaryo
- Nagbibigay proteksyon laban sa kanser ng obaryo at matris
- *(Tandaan: Kailangang dumaan muna sa "screening" ang mga babaing magsisimula pa lang gumamit ng pills*

☞ **DMPA**
- Injectable na pamamaran, binibigay kada tatlong buwan
- Ligtas at epektibo, temporaryo
- Di nangangailangan ng pag-inom ng tableta, pwede sa anumang edad, at konti ang side effects
- Pwedeng gamitin ng babaing nagpapasuso

☞ **Vasectomy at Ligation (BTL)--**
- Permanenteng pamamaraang kontraseptibo
- Pagputol sa vas deferens/fallopian tube
- Lubhang epektibo, ligtas, isang operasyon lang ang kailangan
- Para sa mga ayaw nang magkaroon pa ng mas maraming anak

☞ **Condom**
- Gawa sa rubber at sinusuot sa matigas na ari ng lalaki sa panahon ng pakikipag-sex
- Lubhang epektibo kapag tama at palagian ang paggamit
- Madaling gamitin, temporaryo, pwedeng maging back-up method, at nagbibigay proteksyon laban sa STD/HIV/AIDS
- *(Tandaan: Ituro ang tamang paggamit ng condom)*